**QUEZON MUNICIPAL INTER-AGENCY TASK FORCE AGAINST COVID-19**

**HALAW SA KATITIKAN NG ISINAGAWANG PAGPUPULONG NG QUEZON MUNICIPAL INTER-AGENCY TASK FORCE AGAINST COVID-19 NOONG IKA-7 NG AGOSTO 2021 SA MUNICIPAL TRAINING CENTER, BARANGAY 4 POBLACION, QUEZON, QUEZON.**

**KAPASIYAHAN BILANG 7**
**Serye 2021**

**KAPASIYAHANG NAGTATAKDA NG MGA PANUNTUNAN SA UMIIRAL NA GENERAL COMMUNITY QUARANTINE (GCQ) WITH HEIGHTENED RESTRICTIONS SA BAYAN NG QUEZON, QUEZON SIMULA AGOSTO 7 HANGGANG 15, 2021.**

**SAPAGKAT,** ang QUEZON MUNICIPAL INTER-AGENCY TASK FORCE AGAINST COVID-19 ay natukoy ang mga panuntunan at mga hakbang upang patuloy na malabanan at mapigilan ang pagkalat ng COVID-19;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) Omnibus Guidelines on the Implementation of Community Quarantine in the Philippines with Amendments as of August 06, 2021 ay nagtatakda ng mga panuntunan sa pagpapatupad ng Community Quarantine sa buong bansa;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) Resolution No. 131, series of 2021 noong Agosto 5, 2021 ay nagtatakda ng quarantine classification ng iba't ibang lugar sa bansa at nagtatakda ng mga karagdagang panuntunan upang matugunan ang pagtaas ng kaso ng COVID-19 dulot ng variants of concern at ang Crisis Action Plan para sa Delta Variant;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Executive Order No. 33, Series of 2021 mula sa Office of the Governor noong Agosto 6, 2021 ay nagtatakda ng mga panuntunan sa umiiral na General Community Quarantine with Heightened Restrictions sa buong lalawigan ng Quezon;

**SAPAGKAT**, ang nasabing kapasiyahan ay naaayon sa itinadhana ng kasalukuyang umiiral na batas;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **G. Jhon Errol D. Sisperez,** *MDRRMO* na pinangalawahan nina **Engr. Drexler O. Oliveros,** *Municipal Engineer* at **Kgg. Eufrocino P. Valenzuela,** *Punong Barangay, 5 Poblacion* at pagsang-ayon ng lahat;

**IPINASIYA** ng QUEZON MUNICIPAL INTER-AGENCY TASK FORCE AGAINST COVID-19 na pagtibayin ang **KAPASIYAHANG NAGTATAKDA NG MGA PANUNTUNAN SA UMIIRAL NA GENERAL COMMUNITY QUARANTINE (GCQ)**

**WITH HEIGHTENED RESTRICTIONS SA BAYAN NG QUEZON, QUEZON SIMULA AGOSTO 7 HANGGANG 15, 2021.**

1. Ang sumusunod na mga lugar ay may mas mataas na Quarantine Classification kung saan may mga karagdagang limitasyon ang pagtanggap ng mga mamamayan at mga bisita na magmumula rito:

   a. Enhance Community Quarantine (ECQ)
      i. Iloilo City
      ii. Cagayan De Oro City
      iii. National Capital Region (NCR)
      iv. Laguna
      v. Gingoog City

   b. Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ)
      i. Bataan
      ii. Ilocos Norte
      iii. Lapu-lapu City
      iv. Mandaue City
      v. Cebu City
      vi. Apayao
      vii. Aklan
      viii. Rizal
      ix. Cavite
      x. Lucena City
      xi. Iloilo Province

2. Ang pagbubukas at trabaho sa mga establisyemento, opisina, negosyo at mga aktibidad sa ating bayan na mayroong Safety Seal Certification mula sa Department of the Interior and Local Government (DILG) at Lokal na Pamahalaan ay pinapayagan ang full on-site capacity maliban sa mga sumusunod establisyemento na pinapayagang magbukas sa mga nasasaad na Venue Capacity:

   2.1 50% Capacity
      a. Food preparation services tulad ng mga restaurants, karinderya at mga kainan na may outdoor o al fresco dine-in services. Ibinababa naman sa 20% ng venue capacity ang maaaring tanggaping customer kapag indoor ang dine-in services;

2.2 30 % Capacity

a. Personal care services tulad ng beauty salons, beauty parlors, barbershops, and nail spas sa kundisyong magsusuot ang mga kliyente ng facemask sa lahat ng pagkakataon.

b. Pook pasyalan, hotel at accommodation establishments na kailangang mayroong Safety Seal Certification at ipatutupad ang mga sumusunod:

i. Ang mga empleyado ay nabigyan na ng kahit isang dose ng COVID-19 vaccine;

ii. Pinapayagan ang pagtanggap ng mga bisita na nagmula sa parehong Quarantine Classification gaya ng General Community Quarantine with heightened restrictions, General Community Quarantine (GCQ) at Modified General Community Quarantine (MGCQ). Kailangan magpakita ng proof of booking na kinumpirma ng Municipal Tourism Office ang mga bisita na nagmula sa labas ng isla;

iii. Hindi pinapayagan ang pagtanggap ng mga bisita mula sa lugar na sumasailalim sa ECQ at MECQ;

iv. Nananatili ang age restrictions para sa mga bisita. Hindi pinapayagan ang pagtanggap ng mga may edad na 18 taong gulang pababa at 65 taong gulang pataas maliban sa mga fully vaccinated na indibidwal na may edad 65 taong gulang pataas;

v. Mananatili lamang sa nasasakupan ng pook pasyalan, hotel at accommodation establishments ang mga bisita;

vi. Ang maaaring magsama sa iisang kwarto ay ang mga bisita mula sa isang sambahayan.

2.3 Mga hindi pinapayagan sa ilalim ng GCQ with heightened restrictions:

a. Entertainment venues tulad karaoke/videoke bars. Ipinagbabawal din ang paggamit ng karaoke/videoke sa mga pampublikong lugar tulad ng mga kainan at sa mga pagdiriwang sa labas ng tahanan;
b. Perya, mga palaruan at kiddie rides;
c. Recreational venues tulad ng internet cafes, bilyaran at mga tulad nito;
d. Sabungan, mga pasugalan at mga tulad nito;
e. Outdoor sports courts or venues para sa mga contact sports gaya ng basketball at volleyball. Inaatasan ang mga namumuno sa mga Barangay na pansamantalang tanggalin ang basketball rings sa basketball courts.

2.4 Dinadagdagan ng 10% capacity ang mga establisyementong mayroong Safety Seal Certification.

3. Ipinagbabawal ang paglabas ng mga may edad na labinwalong (18) taong gulang pababa at animnapu't limang (65) taong gulang pataas, may ibang karamdaman at

health risks at mga buntis maliban kung sila ay fully vaccinated, APOR, kailangan ng atensyong medikal o sa mga pagkakataong walang ibang kasama sa tahanan ang mga nabanggit upang bumili ng mga pangunahing pangangailangan.

3.1 Pinapayagan ang pag-eehersisyo tulad ng paglalakad, jogging, pagbibisekleta, at paglalangoy maging ang may edad na labinwalong (18) taong gulang pababa at animnapu't limang (65) taong gulang pataas.

4. Mahigpit na ipinatutupad ang public health measures tulad ng tamang pagsusuot ng facemask at pagpapanatili ng social distancing sa mga pampublikong lugar sa lahat ng pagkakataon.

4.1 Batay sa Provincial Ordinance No. 2020-002, series of 2020, ang mga sumusunod na parusa ang ipapataw sa hindi pagsusuot ng facemask at pagpapanatili ng social distancing sa mga pampublikong lugar:

| | |
|---|---|
| Unang Paglabag: | Anim (6) na oras ng community service at pagdalo sa lecture ng RHU |
| Ikalawang Paglabag: | Multang hindi bababa sa Isang Libong Piso (Php 1,000.00) |
| Ikatlo at mga susunod na paglabag: | Multang hindi bababa sa Dalawang Libong Piso (Php 2,000.00), o pagkakulong nang hindi bababa sa Labinlimang (15) araw, o pareho |

5. Ang oras ng curfew ay ipatutupad mula ika-8:00 ng gabi hanggang ika-5:00 ng umaga. Ang lahat ng mamamayan ay bawal lumabas sa kani-kanilang tahanan sa oras ng curfew maliban sa mga emergency at pagpasok o pag-uwi mula sa trabaho sa mga pinapayagang sektor at mga frontline office.

5.1 Batay sa Provincial Ordinance No. 2020-002, series of 2020, ang mga sumusunod na parusa ang ipapataw sa mga lalabag sa curfew:

| | |
|---|---|
| Unang Paglabag: | Labindalawang (12) oras ng community service at pagdalo sa lecture ng RHU |
| Ikalawang Paglabag: | Multang hindi bababa sa Dalawang Libong Piso (Php 2,000.00) |
| Ikatlo at mga susunod na paglabag: | Multang hindi bababa sa Tatlong Libong Piso (Php 3,000.00), o pagkakulong nang hindi bababa sa Labinlimang (15) araw, o pareho |

6. Ipinagbabawal ang mga pagtitipon sa labas ng tahanan tulad ng mga birthday party at iba pang pagdiriwang. Ang pagtitipon sa loob ng tahanan kung may mga bisitang nagmula sa ibang sambahayan ay hindi din pinapayagan. Ang mga sumusunod na pagtitipon ang pinapayagan:

    a. Mga pagtitipon upang magbigay ng serbisyong pangkalusugan, serbisyo ng pamahalaan, at mga humanitarian activities na susunod sa 50% venue capacity;
    b. Religious activities na susunod sa 30% venue capacity at isang metrong distansya sa bawat isa;
    c. Necrological services. Ang mga bisita sa mga lamay o burol at kasama sa libing ay nililimitahan lamang sa mga kamag-anak ng namatay. Ipinagbabawal ang anumang uri ng sugal sa mga lamay o burol. Hanggang tatlong (3) araw lamang ang pinapayagang tagal ng lamay o burol ng mga namatay na hindi dahil sa COVID-19 maliban sa mga hindi maiiwasang pagkakataon tulad ng hindi pa handa ang lugar na paglilibingan. Kailangang kumuha ng sertipikasyon sa MDRRMO dala ang death certificate upang maitakda ang schedule ng libing;
    d. Pagdalaw sa sementeryo ng hindi lalampas sa sampung (10) bawat grupo.

7. Ipinagbabawal ang pagbyahe papasok at palabas ng lugar na sumasailalim sa **ECQ** at **MECQ** maliban sa mga sumusunod:

    a. Essential workers na may opisyal na transaksyon sa ating bayan
    b. Health and emergency frontline services personnel
    c. Government officials and government frontline personnel
    d. Duly authorized humanitarian assistance actors
    e. Mga nagbibyahe dahil sa medical at humanitarian reason
    f. Mga magtutungo sa airport upang magbyahe patungo sa ibang bansa
    g. Mga bumabyahe dahil sa trabaho o negosyo
    h. Mga Returning Overseas Filipinos (ROFs) at Overseas Filipino Workers (OFWs) at driver
    i. Public utility vehicle (PUV) Operators

    7.1 Ang mga nabanggit (7.a hanggang 7.i) ay kailangang makapagpakita ng ID at Notice of Coordination bago pumasok ng ating bayan. Para sa mga pinapayagang magbyahe palabas at papasok ng bayan ng Quezon, pinapayuhan na iwasan ang pakikihalubilo sa ibang tao sa loob ng labing-apat (14) na araw o kung ang dahilan ng pakikisalamuha ay highly essential na trabaho o gawain.

    7.2 Ang government officials and government frontline personnel ay kailangan ring makapagpakita ng Official Travel Order mula sa kanilang tanggapan.

7.3 Ang mga ROFs at OFWs ay kailangang sumunod sa quarantine protocols ng Department of Health (DOH) – Bureau of Quarantine (BOQ) at tapusin ang natitirang araw sa 14-araw na quarantine mula ng pagdating nila sa bansa kahit kumpleto na ang kanilang bakuna laban sa COVID-19. Sila ay kailangang magpakita ng Negative RT-PCR Test Results pagdating sa ating bayan.

8. Itinatalaga ang Gumaca Port at Quezon Port bilang Quarantine Control Point (QCP) kung saan magtatalaga ng mga tauhan mula sa MDRRMO na sasama sa byahe ng mga pampasaherong bangka upang magbantay at magsagawa ng screening sa Gumaca Port at tauhan ng RHU na muling magsagawa ng screening pagdating sa Quezon Port. Inaatasan ang Quezon Municipal Police Station at ang MDRRMO upang ipatupad ang border control sa Quezon Port, gayundin ang Philippine Coast Guard Gumaca Substation at ang MDRRMO para sa border control sa Gumaca Port.

9. Inaatasan ang mga may-ari, kapitan at sakay (crew) ng mga pampasaherong bangka na suriin at tiyakin na tanging pasaherong may ticket at dumaan sa screening lamang ang papayagang makasakay sa mga pampasaherong bangka.

10. Ang mga Locally Stranded Individuals (LSIs) na magmumula sa mga lugar na sumasailalim sa ECQ at MECQ tulad ng mga kababayan natin na nawalan ng trabaho, at mga dito na maninirahan sa ating bayan ay kailangang kumuha ng **Certification o Certificate of Residency mula sa Barangay na pupuntahan** at **Notice of Coordination mula sa MDRRMO** bago magbyahe at kailangang sumailalim sa 14-araw na quarantine kahit fully vaccinated sa kanilang tahanan kung walang ibang kasama o sa Barangay at Municipal Quarantine Facility.

    10.1 Ang sinumang pinayagang mag-home quarantine na mapapatunayang hindi sumusunod sa mga alituntunin ay ililipat sa Barangay o Municipal Quarantine Facility hanggang matapos ang 14-araw na quarantine.

    10.2 Ang mga magbibyahe na magmumula sa mga lugar na sumasailalim sa ECQ at MECQ na walang Certification o Certificate of Residency at Notice of Coordination ay maaaring payagang tumuloy subalit kailangang sumailalim sa 14-araw na quarantine sa Municipal Quarantine Facility.

11. Ang mga lehitimong mamamayan ng Quezon, Quezon na magmumula naman sa mga lugar na sumasailalim sa GCQ with heightened restrictions, GCQ at MGCQ ay kailangang magpakita ng ID sa trabaho o anumang valid ID na nagpapatunay na sila ay hindi nagmula sa mga lugar na sumasailalim sa ECQ at MECQ. Hindi na sila sasailalim sa 14-araw na quarantine subalit ipinapaalala ang pagsunod sa Minimum Public Health Standards at pag-iwas sa pagdalo sa mga pagtitipon.

12. Ang mga pasyente at kasamang bantay na lumabas ng ospital ay mahigpit na isasailalim sa 14-araw na quarantine maliban sa fully vaccinated na indibidwal na ibinababa sa 7-araw ang quarantine.

13. Inaatasan ang bawat Barangay na magtalaga ng Barangay Quarantine/Holding Facility na matutuluyan ng darating na LSI, OFW at mga mamamayan na sasailalim sa quarantine.

14. Ang mga sumusunod na oras ang iskedyul ng pampasaherong bangka:

    14.1 Lunes hanggang Sabado:
    - 6:00 ng umaga – Quezon to Gumaca
    - 8:00 ng umaga – Quezon to Gumaca
    - 12:00 ng hapon – Gumaca to Quezon
    - 4:00 ng hapon – Gumaca to Quezon

    Linggo:
    - 6:00 ng umaga – Quezon to Gumaca
    - 1:00 ng hapon – Gumaca to Quezon

    14.2 Ibinababa sa 50 pasahero ang pinapayagang sakay ng bangka upang mapanatili ang physical distancing. Maaaring umalis nang mas maaga sa itinakdang oras ang mga pampasaherong bangka kapag may sakay na itong 50 na pasahero.

    14.3 Ipinagbabawal ang pagsakay ng pasahero sa mga hindi pampasaherong bangka maliban sa emergency at medical reasons.

15. Ipinagbabawal ang pagkonsumo ng mga nakalalasing na inumin sa mga pampublikong lugar.

16. Ang home quarantine ng Asymptomatic at Mild cases ng COVID-19 ay pinapayagan lamang sa mga pagkakataong puno na ang mga ospital at Temporary Treatment and Monitoring Facility (TTMF) ng Lokal na Pamahalaan. Ang Asymptomatic at Mild cases ng COVID-19, close contacts, suspects at probable na kaso na sumasailalim sa home quarantine ay hindi pinapayagang lumabas sa kanilang mga tahanan hanggang ideklarang recovered, magnegatibo sa RT-PCR Test at maabisuhan ng Tanggapan ng Pambayang Manggagamot na tapos na ang kanilang quarantine. Sila ay dadalhan ng mga pangunahing pangangailangan ng Lokal na Pamahalaan. Inaatasan ang mga Pamahalaang Barangay at Quezon Municipal Police Station na paigtingin ang pagbabantay sa mga lugar na mayroong confirmed, suspect, probable COVID-19 cases at close contacts ng mga kaso ng COVID-19.

17. Prayoridad na mabigyan ng bakuna laban sa COVID-19 ang mga mamamayang nasa Priority Groups na dito kasalukuyang naninirahan sa ating bayan.

18. Patuloy na ipinaaalala na nililimitahan sa mga mahahalagang gawain ang pinapayagang dahilan ng paglabas sa ating mga tahanan tulad ng pagbili ng mga pangunahing pangangailangan, pag-access sa mga serbisyo, pagpasok sa trabaho, pagtungo sa mga establisyementong pinapayagang magbukas sa mga lugar na sumasailalim sa GCQ with heightened restrictions at mga tulad nito. Hinihikayat ang lahat na ipagpaliban ang mga non-essential travel tulad ng pagbisita, pagdalo sa mga okasyon at mga tulad nito.

19. Ang hindi pagsunod sa mga panuntunang itinakda ay maaaring mapatawan ng kaparuhasan batay sa Republic Act No. 11332 (Mandatory Reporting of Notifiable Diseases and Health Events of Public Health Concerns Act).

Ang kapasiyahang ito ay mananatiling epektibo simula Agosto 7, 2021 hanggang maglabas ng panibagong kapasiyahan ang Quezon Municipal Inter-Agency Task Force Against COVID-19.

Hinihingi namin ang pang-unawa at ang patuloy na pakikiisa ng lahat hanggang matapos ang pandemyang ating kinakaharap.

---

**PINATUTUNAYAN KO** ang kawastuhan ng kapasiyahang ito.

**KGG. MA. CARIDAD P. CLACIO**
Punong Bayan
Tagapangulo ng Quezon MIATF Against COVID-19